**Lukad: An Online Journal of Pedagogy**
*Volume 4 Issue 2 (December 2025) 106 - 127*

# Tematikong Pagtuturo Tungo sa Interaktibo at Panghabambuhay na Pagkatuto sa Klaseng *Synchronous*

**Voltaire M. Villanueva, PhD**
*Philippine Normal University-Manila*
*villanueva.vm@pnu.edu.ph*

**Abstrak**

Nais ng pananalisik na mailahad ang ugnayang modelo at disenyong pedagohikal gamit ang tematikong paraan upang matamo ang pagkatuto. Gamit ang deskriptibo-debelopmental na metodolohiya, lumabas sa pananaliksik ang kabisaan ng lohikal at sistematikong pagpaplano at pagpapatupad sa aralin gamit ang tema bilang patok at umuusbong na hakbang upang tahiin at pag-ugnayin ang mga idea, kaisipan, at perspektiba sa gitna ng limitadong oras at iba pang kahingian sa pagtuturong *online*. Mula sa naging resulta sa mga nakalap na datos, malinaw ang kahalagahan ng ugnayan ng tematikong pagtuturo upang magluwal ng interaktibong pagkatuto kadikit ng iba't iba ring gawain o pagsasanay na akma sa modalidad na *online*. Ang datos at resulta mula sa naging kasagutan sa panayam ang batayan para magamit ang tematikong pagtuturo sa iba't ibang asignatura at disiplina na habambuhay na madadala ng isang gurong makabago, inobatibo, at handa sa hamon ng bukas.

Susing Salita: gawain o pagsasanay, interaktibong pagkatuto, kurikulum, panghabambuhay na pagkatuto, tematikong pagtuturo, *synchronous* na klase

**Abstract**

*This study employs a descriptive-developmental approach to examine a thematic pedagogical model. Findings show that thematic instruction enables logical and systematic lesson planning, effectively integrating ideas and perspectives despite the constraints of online teaching. The results underscore its role in fostering interactive learning across disciplines and in supporting innovative, future-ready teaching practices.*

*Key concepts: learning activities or exercises, interactive learning, curriculum, lifelong learning, thematic teaching, synchronous class*



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

**Introduksiyon**

Sumailalim sa mapanghamong kalakaran ang pagtuturo sa panahon ng pandemya at post-pandemya. Naging hamon at tugon ang pananaw na dapat, sapat, at lapat na prinsipyong pedagohikal na angkla sa kurikulum (Villanueva, 2018) upang lubusang malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral. Sa kasalukuyan sa panahon ng pagtuturo sa modalidad na *online* o *synchronous*, maliban sa suliranin sa aksesibilidad ang partisipasyon at iba pang salik, malaking katanungan pa rin ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Naging isa sa kasalukuyang paraan ng pagtuturo-pagkatuto ang *synchronous* na paraan sa mga klaseng *online*. Ang *synchronous* na klase sa online na modalidad ay tumutukoy sa uri ng pagtuturo kung saan ang guro at mga mag-aaral ay sabay-sabay na nagkaklase sa isang takdang oras o panahon gamit ang mga *digital* na plataporma o pamamaraan kagaya ng *Zoom, Google Meet, Microsoft Teams,* at iba pa. Sa ganitong modalidad, ang interaksiyon ay aktuwal at tila katulad din ng harapang klase at may agarang tugon mula sa guro o kapuwa mag-aaral. Samakatuwid, nagkakaiba lamang sa nakasanayan mula sa tulong ng daluyang teknolohiya na marapat malapapatan ng angkop na pedagohiya na may interaktibong estratehiya.

Ayon kay Moore, Dickson-Deane, at Galyen (2011), ang *synchronous learning* ay nagbibigay ng agarang interaksiyon at oportunidad para sa kolaboratibong pagkatuto na maaaring magdulot ng mas mataas na antas ng pakikilahok at motibasyon mula sa mga mag-aaral. Mahalaga ito lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng aktibong diskurso, presentasyon, o pagbabahagi ng opinyon. Kung kaya, upang tugunan ang hamon ng umuusbong na modalidad; iba-ibang paraan, teknik, disenyo, at hakbang na nasa anyo ng interbensiyon at sistema ang sinisikap na ipatupad ng mga guro upang tiyaking sa kabila ng limitasyon ng pagtuturo dahil sa nagbabagong-anyo, matitiyak pa rin ang ugnayan ng mga mag-aaral sa teksto at konteksto ng isang aralin. Sa tulong ng tematikong pagtuturo bilang teknik, magiging interaktibo ang pagtuturo at pagkatuto sa klaseng *synchronous.*

Ang *tematikong pagtuturo* ay isang estratehiya sa pagtuturo na nakatuon sa paggamit ng isang tema o paksang sentral upang pag-ugnayin ang mga aralin sa iba't ibang asignatura o kompetensi. Napalulutang ang tiyak na tema sa tulong ng *powerpoint presentation* mula sa aplikasyon ng *Canva* at iba pang katulad na anyo. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng integrasyon ng mga konsepto at kasanayan upang maging makabuluhan at makaugnay sa karanasan ng mag-aaral ang pagkatuto.

Ayon kina Corpuz at Salandanan (2015), ang tematikong pagtuturo ay isang pamamaraang integratibo na gumagamit ng temang pinag-iisa ang mga paksa sa iba't ibang asignatura upang malinang ang holistikong pag-unawa ng mag-aaral. Isinasagawa ito sa pamamagitan ng pagdidisenyo ng mga aralin na umiikot sa isang napapanahon, interdisiplinaryo, at makabuluhang tema. Sa klaseng *synchronous*, tatahiin ng teknolohiya


© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

gaya ng *powerpoint* at iba pang aplikasyon ang pagdidisenyo ng mga makabago at inobatibong gawain na titiyak sa interaktibong mukha ng klaseng *online*.

Sa konteksto ng Pilipinas, binigyang-diin ng Commission on Higher Education (CHED, 2020) na ang *synchronous learning* ay isang pangunahing bahagi ng *flexible learning* na nagbibigay-daan sa mga guro na mapanatili ang *engagement* ng mga estudyante sa. Ngunit, kinakailangan din ng sapat na *access* sa teknolohiya at *internet*. Gayunpaman, may mga hamon ding kaakibat ang *synchronous classes*, tulad ng teknikal na hadlang (mahina o walang internet), limitasyon sa oras, at *zoom fatigue* o labis na pagkapagod mula sa matagal na *online* na pag-upo sa harap ng *screen*.

Ang pananaliksik ay naglahad ng konteksto mula sa karanasan ng mga gurong-mag-aaral na nagpapakadalubhasa sa Filipino ng Pamantasang Normal ng Pilipinas-Maynila maging ng mga ilang kinatawan ng kampus mula sa Hilagang Luzon, Visayas, at Mindanao. Sa pamamagitan ng tematikong pagtuturo, tinahi nito ang ugnayan ng paksa na tugon kung ano ang ituturo, estratehiya na tugon kung paano magturo, at interaktibo at habambuhay na pagkatuto mula sa tugon kung bakit dapat, sapat, at lapat ang tematikong pagtuturo sa iba't ibang antas, asignatura, at konteksto sa nagbabagong bihis na kurikulum at edukasyon.

Sa pagtuturo, malaki ang ugnayan ng disenyo at modelong gagamitin. Kung kurikulum ang batayan, tumutukoy ang disenyo sa pagkakaayos ng mga elemento ng kurikulum gaya ng mithiin, layunin, resulta, paksa o nilalaman, gawaing pampagkatuto, at ebalwasyon (Pawilen, 2015). Samantala ang modelo ay nakabatay sa malinaw na pang-unawa ng mga pantas o dalubhasa kauugnay ng isang disiplina bilang larangan ng pag-aaral (Solomon, 2019). Kung gayon, nasa makapangyarihang guro ang paraan upang ang disenyo at modelo ay maging magkaugnay at hindi mapaghiwalay.

Sa nakasanayang pagpapakahulugan, ang tematikong pagtuturo ay isang estratehiyang pedagogikal na nag-uugnay ng iba't ibang asignatura sa iisang tema upang makabuo ng mas makabuluhang pagkatuto. Ayon kina Drake at Reid (2010), ang integrasyon ng mga asignatura sa pamamagitan ng tematikong disenyo ay nagpapalawak sa konektadong kaalaman ng mga mag-aaral at nagpapalalim sa kanilang pang-unawa. Isinasaad sa kanilang pananaliksik na mas nagiging aktibo ang mga mag-aaral sa diskusyon at mas madali nilang naiuugnay ang natutuhan sa mga tunay na sitwasyon sa buhay. Kaya naman, kinikilala ang tematikong pagtuturo bilang mabisang paraan upang linangin ang kaalaman at kasanayang interdisiplinaryo ng mga mag-aaral.

*Tematikong Pagtuturo at Interaktibong Pagkatuto*

Ang tematikong pagtuturo ay isang pedagohiyang nagbibigay-diin sa pag-uugnay ng mga asignatura sa pamamagitan ng isang pangkalahatang tema na may layuning makabuo ng mas malalim at makabuluhang pag-unawa sa mga konsepto na nakapaloob sa tiyak na aralin o paksang dapat matutuhan. Ayon kay Drake (2010), sa ganitong uri ng pagtuturo



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

naipapakita ang kaugnayan at kahalagahan ng mga ideya sa tunay na buhay ng mga mag-aaral, kaya't mas nagiging buo at may saysay ang kanilang karanasan sa pagkatuto. Sa kabilang banda, ang interaktibong pagkatuto naman ay isang estratehiyang nagpapalakas sa partisipasyon o pakikilahok at pakikisangkot ng mga mag-aaral sa kanilang sariling pagkatuto sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga talakayan, kolaborasyon, at praktikal na gawain. Sa pagsusuri ni Prince (2004), lumalabas na mas epektibo ang aktibong pagkatuto dahil ito ay nagtataguyod ng mas mataas na antas ng motibasyon, kritikal na pag-iisip, at kasanayan sa pakikipagtulungan. Malinaw na maigting ang ugnayan ng tematikong pagtuturo at interaktibong pagkatuto ay hamon at tugon ng bawat guro sa iba 't ibang antas, asignatura, at kurso para maging batayan ng pagpaplano, pagbuo, at pagpapatupad ng pagtuturong nakadikit sa batayan at tuntungang pedagohikal.

Ipinakita sa pananaliksik nina Briones, Mendoza, at Cruz (2017) na ang pinagsamang tematikong pagtuturo at interaktibong estratehiya ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng pagkatuto, partikular sa asignaturang Araling Panlipunan. Sa pamamagitan ng mga gawaing gaya ng dula-dulaan at kunwa-kunwarian na nakatuon sa mga lokal na tema, naging mas makabuluhan ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga napapanahon at kasalukuyang isyung panlipunan. Kaugnay nito, binigyang-diin naman ni Jensen (2005) ang kahalagahan ng tematikong pagtuturo na tumatagos sa iba't ibang pandama bilang dagdag at ubod ng mayamang karanasan sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Sa paggamit ng iba't ibang pandama gaya ng paningin, pandinig, at pandama mas epektibong naipapaloob sa mga mag-aaral ang mga aralin lalo na kung ito ay sinusuportahan ng interaktibong pamamaraan gaya ng dula-dulaan at iba't ibang kagamitang biswal pantulong.

Hindi rin matatawaran ang kahalagahan ng kolaborasyon na nagging epekto sa tematikong at interaktibong pagkatuto. Ayon kay Vygotsky (1978), ang "Zone of Proximal Development" ay nagpapakita na ang pagkatuto ay mas nagiging mabisa kung ito ay nagaganap sa loob ng isang makabuluhang interaksiyon sa pagitan ng guro at kapuwa mag-aaral. Ang tematikong pagtuturo ay nag-aanyaya ng mga ganitong pagkakataon para sa kolaboratibong pagkatuto habang ang interaktibong estratehiya ay tumutulong upang maisakatuparan ito sa isang makabuluhang konteksto.

Sa kabuoan, ang tematikong pagtuturo at interaktibong pagkatuto ay dalawang magkaugnay na lapit at lente na kapag pinagsanib ay lumilikha ng mas makabuluhan, kontekstuwalisado, at epektibong karanasan para sa mga mag-aaral. Ang tematikong pagtuturo na nagluwal ng interaktibong pagkatuto ay magiging baon ng mga *pre-service* o gurong mag-aaral bilang katumbas na dala-dala, baon-baon, at pamanang panghabambuhay na pagkatuto mula sa mga naging karanasan sa pagpaplano, pagbuo, at pagpapatupad ng tematikong pagtuturo tungo sa interaktibong pagkatuto na nilapatan ng integrasyon ng napapanahon at usong teknolohiya.


© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

*Ugnayang Integratibo sa Tematikong Pagtuturo, Interaktibo, at Panghabambuhay na Pagkatuto*

Sa mabilis na pagbabago ng lipunan sa ika-21 siglo, mahalagang itaguyod ang pangkalahatang kaunlaran ng mag-aaral na hindi lamang nakatuon sa akademikong aspekto kung hindi maging sa paghubog ng kakayahang makaangkop, makipag-ugnayan, at makapamuhay nang may layunin at kakayahan**.** Isa sa mga mabisang pananaw ukol dito ay ang ugnayang integratibo ng *tematikong pagtuturo, interaktibong pamamaraan, panghabambuhay na pagkatuto,* at ang papel ng guro bilang *Laboratory of Life Skills*.

Ang konsepto ng panghabambuhay na pagkatuto (lifelong learning) ay isa sa mga pangunahing prinsipyo ng makabago at makataong edukasyon sa ika-21 siglo. Ayon kay Delors et al. (1996) sa ulat ng UNESCO na *Learning: The Treasure Within*, ang edukasyon ay hindi lamang para sa paaralan kundi para sa buong buhay. Binibigyang-diin nito ang apat na haligi ng pagkatuto: pagkatutong matuto, pagkatutong gawin, pagkatutong mamuhay kasama ang iba, at pagkatutong maging. Sa kontekstong ito, mahalagang suriin ang ugnayang integratibo ng tematikong pagtuturo at interaktibo at panghabambuhay na pagkatuto. Ang tematikong pagtuturo, bilang isang haplos pedagogikal ay naglalayong iugnay ang mga disiplina sa iisang tema o paksa upang mapaigting ang koneksiyon ng mga konsepto at gawing mas makabuluhan ang pagkatuto (Drake & Reid, 2018). Sa pamamagitan ng integrasyong ito, nahuhubog ang mga kasanayan ng mag-aaral sa kritikal na pag-iisip, kolaborasyon, at replektibong pagkatuto—mga pundasyon ng *lifelong learning*.

Dagdag pa rito, lumalawak ang papel ng interaktibong pagkatuto sa pagtataguyod ng panghabambuhay na pagkatuto. Ayon kina Laurillard (2012), ang interaktibong ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral, gayundin ng mag-aaral sa kapuwa mag-aaral, ay mahalagang elemento upang maisulong ang *active learning* at *learner agency*—dalawang konseptong susi sa pagkakaroon ng patuloy at kusang-loob na pagkatuto.

Sa isang pananaliksik na isinagawa ni Tangonan et al. (2021), napatunayan na ang paggamit ng *interdisciplinary* at *thematic approach* sa mga pampublikong paaralan sa Pilipinas ay nagdulot ng mas mataas na partisipasyon ng mag-aaral, mas malalim na pagkaunawa sa mga aralin, at higit na pagkakaroon ng *self-directed learning skills*, na esensiyal sa pangmatagalang tagumpay sa personal at propesyonal na buhay.

Kaugnay nito, binigyang-diin ni Illeris (2009) na ang panghabambuhay na pagkatuto ay hindi lamang limitado sa akademikong konteksto kung hindi ay sumasaklaw sa pagkatuto sa trabaho, sa komunidad, at sa mga personal na karanasan. Kaya't ang isang kurikulum na integratibo at interaktibo ay tumutugon hindi lamang sa kagyat na layunin ng edukasyon kundi maging sa paghubog ng mamamayang may kakayahang magpatuloy sa pagkatuto sa gitna ng pagbabago at hamon ng buhay.

Sa Pilipinas, isinusulong ng DepEd at CHED ang 21st century skills na tumutugma sa mga layunin ng panghabambuhay na pagkatuto. Binibigyang-halaga sa mga bagong



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

kurikulum ang mga *transversal skills* gaya ng *critical thinking, communication, creativity, collaboration,* at *character*—na higit na napauunlad sa pamamagitan ng integratibo at tematikong mga pamamaraan sa pagtuturo (DepEd, 2020).

Sa kabuoan, ang ugnayang integratibo ng tematikong at interaktibong pagtuturo ay hindi lamang isang metodolohikal na inobasyon kundi isang malalim na paninindigan para sa panghabambuhay na pagkatuto. Tinitiyak nito na ang edukasyon ay may saysay sa kasalukuyan at may bisa sa hinaharap

Sa likod ng iba't ibang prinsipyo at pedagohikal, malaki ang ugnayan ng disenyo at modelo. Ang mga batayang input ukol sa ugnayang disenyo at modelo ang magpapalutang sa kahalagahan ng ugnayang tematiko, interaktibo, at panghabambuhay na pagkatuto.

*Ugnayang Disenyo-Modelo ng Kurikulum: Implikasyong Pedagohikal ng Tematikong Pagtuturo at Interaktibo, at Panghabambuhay na Pagkatuto*

Sa pagtinging haplos pedagohikal, ang pagtuturo ay sining at agham. Malaki ang inaasahang kaalaman ng isang guro sa kakapitang dulog at teorya upang maging lohikal, sistematiko, at siyentipiko ang pagtuturo (Bruillard, 2020). Sa ganitong perspektiba, malaki ang gampanin ng kabatiran sa ugnayang disenyo at modelo upang maisagawa ang angkop na pagpaplano tungo sa makabago at inobatibong pagbuo o pagpapatupad ng iba't ibang gawaing pampagkatuto (Merrill, 2020). Kaya naman, ang ugnayang disenyo at modelo ang inaasahang patnubay sa umpisang hakbang na pagdidisenyo o pagpaplano hanggang maisagawa ang pagtataya o ebalwasyon sa mga adhikaing pedagohikal.

Ang disenyo ng kurikulum ay tumutukoy sa pagkakaayos at inaasahang lohikal na ugnayan at pagsasakatuparan ng mga elemento nito. Ang apat na elemento ng kurikulum ay ang mga mithiin, layunin at inaasahang resulta, paksa o nilalaman, mga gawaing pampagkatuto, at ebalwasyon. Sa maraming aklat, ang disenyo ng kurikulum at ang pagsasaayos ng kurikulum ay napagpapalit ang kahulugan. Binigyang-paliwanag ni Kelly (1999) ang pagkakaiba ng nabanggit na dalawang magkaugnay na termino sa kurikulum, sa pamamagitan ng pagtukoy sa dalawang paraan ng pagsasaayos ng mga elemento o nilalaman — ang makro at maykrong antas ng pagsasaayos. Ang makrong antas ay ang pagsasaayos o pag-oorganisa ng kabuoang kurikulum mula sa pilosopiya patungo sa nilalaman ng iba't ibang asignatura. Ang maykrong antas naman ay ang pagsasaayos ng nilalaman ng isang tiyak na asignatura o disiplina. Ang makrong antas ng pagsasaayos ay itinuturing din bilang tungkulin ng disenyo ng kurikulum samantalang ang maykrong antas naman ay ang tungkulin ng pagsasaayos ng kurikulum. Gayunpaman, mahalagang tandaan na ang pagsasaayos ng kurikulum ay nakabatay sa disenyo ng kurikulum. Ang disenyo ng kurikulum ay maaaring makilala batay sa tiyak nitong kahulugan at katangian. Ang sumusunod ang ilan sa halimbawa ng mga disenyo ng kaurikulum: disenyong nakasentro sa asignatura, disenyong nakasentro sa mag-aaral, disenyong nakasentro sa problema, at disenyong nakasentro sa pangunahing pagkatuto. Tinukoy ni Tomlinson et al. (2002) ang mga



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

mahahalagang bagay ng isang mahusay na disenyo ng kurikulum. Ayon sa kaniya, ang isang mahusay na disenyo ng kurikulum ay dapat na pinag-isipan at nakaengganyo, bukas sa makabuluhang pakikipagtulungan, bubuo ng malalim na pag-unawa, naiuugnay ang buhay at mundo ng mga mag-aaral, nakatuon sa produkto, nakatuon sa mga malalim na ideya, at dapat maging tunay, may layunin, at kapaki-pakinabang sa mag-aaral. Ayon kay Mohanasundaram (2018), may apat na sangkap ang disenyo ng kurikulum- (1) bakit kailangang magkaroon ng mithiin at layunin? (2) ano ang dapat ituro upang mapagtanto ang nakatakdang mithiin at layunin? (3) paano mapag-uugnay-ugnay ang inaasahang karanasang pampagkatuto? at (4) ano-ano ang napagtanto at aksiyong itutugon kaugnay sa nakalatag na programa ng pagtuturo, mga mag-aaral at mga guro. Ayon kina Ornstein at Hunkins (2013), ang disenyo ng kurikulum ay tumutukoy sa sistema o paraan ng pagsasaayos ng isang plano ng kurikulum na karamihan sa mga disenyo ay modipikasyon ng tatlong pangunahing disenyo na nakapokus sa asignatura, mag-aaral at isyung pang-indibidwal at panlipunan.

Ang mga modelo sa pagbuo ng kurikulum ay base sa isang malinaw at hindi nagbabagong pang-unawa ng iba't ibang iskolar sa likas na katangian ng kurikulum bilang isang disiplina at bilang isang larangan ng pag-aaral (Marcinko, 2020). Ang mga modelo ay itinuring bilang hindi limitado gayong ang bawat isa ay kumakatawan sa iba't ibang mga ideya o teorya sa kung paano bumuo ng kurikulum.

Si Ralph Tyler, mula sa Unibersidad ng Chicago, ang bumuo ng unang modelo sa pagbuo ng kurikulum. Ang modelong ito ay ipinakita sa kaniyang libro na *Principles of Curriculum and Instruction*. Ang argumento ni Tyler na ang pagbuo ng kurikulum ay dapat na lohikal at sistematiko. Sa kaniyang modelo, tinatanaw itong proseso ng pagbuo ng kurikulum na mayroong pagkakasunod mula sa pinili na mga layunin hanggang sa pagpili ng karanasang pampagkatuto, organisasyon ng karanasang pampagkatuto, at ebalwasyon. Pinunto rin ni Tyler ang kahalagahan ng pisolopiya ng edukasyon at sikolohiya ng pagkatuto para salain ang mga layunin na nakapaloob sa kurikulum.

Malaki ang gampanin ng kurikulum bilang sandigang batayan sa ugnayang pedagohikal sa mga konsepto at konteksto ng tematikong pagtuturo tungo sa interaktibo at panghabambuhay na pagkatuto. Mula sa apat na elemento ng kurikulum gaya ng mithiin, layunin at inaasahang resulta, paksa o nilalaman, mga gawaing pampagkatuto, at ebalwasyon; batayang maituturing ang apat na pangunahing elemento sa pagpaplano, pagbuo, at pagpapatupad tungo sa pagpapaunlad ng tematikong pagtuturo na kinasangkapan ang iba't ibang patok at usong aplikasyong teknolohikal para matiyak na magbubunga ito ng interaktibong gawain sa aktuwal na klase sa pamaraang *synchronous* habang iniipon ng mga nagsasanay na gurong-mag-aaral ang natutuhan upang magamit sa aktuwal na pagharap sa hamon ng pagtuturo.


Sa konteksto ng pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino bilang larangan ng wika at panitikan, madalas sinasalo ng larangan ang ambag ng mga banyagang dalubhasa, kaya't mahalaga ang isang guro na magmodipika upang ipihit sa konteksto ng mga mag-aaral, paksa, at lipunang Pilipino sa epektibong pagtuturo. Ang pagpipihit ay makikita sa anomang



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

pagdidisenyo habang hindi nailalayo ang ugnayang mithiin o layunin, bunga o resulta, at muling pagpapaunlad ng pagtuturo at pagkatutong hinubog ng isang tema na pinagtibay ng diskurso at teknolohiya. Samakatuwid, ang ugnayang pedagohikal sa likod ng tematikong pagtuturo ay lampas sa tema o paksang aralin. Kadikit nito ang mga prinsipyo at pananaw sa pagkatuto na masasalamin sa interaksiyon ng mga mag-aaral sa teksto, sub-teksto, interteksto, at konteksto ng kanilang paghahanda bilang magiging guro lampas sa ugnayang tema, panitikan, at bayan. Sa pagtuturo at pagkatuto pinaglalapat at pinag-uugnay ng isang gurong may kakayahang planuhin, buohin, at ipatupad ang mga diskarte at atakeng nakakubli sa teknikal na paliwanag ng dulog, estratehiya, metodo, teknik, kagamitang panturo at iba pang batayang dapat, sapat, at lapat sa kalakaran at umuusbong na hamon ng nagbabagong panahon at kurikulum.

*Pag-unawa sa Pagpapaunawa sa Praktika ng Ugnayang Pagtuturo at Pagkatuto*




**Pigura 1:** Batayang Konseptuwal ng Pananaliksik

Dulo sa dulo ang ugnayang ng pagpapaliwanag at paglalarawan sa relasyon ng panahon at kalakaran sa pagtuturo sa konteksto ng institusyunalisasyon ng pagtuturong *online* na may dalawang mukha: *synchronous* at *asynchronous* na paraan na dinadaluyan at ginagamitan ng teknolohiya sa makabagong modalidad ng pagtuturo at pagkatuto. Sa pagitan ng dulo sa dulong gilid ang espasyo at gampanin ng guro bilang tagapagturo at mag-aaral na sumasalamin sa bunga ng pagkatuto. Sa pagtatagpo ng mga magkakabilang bahagi ng mga konsepto, ikokonteksto ito ng bisa at halaga ng pag-unawa upang maiplano, maidisenyo, mabuo, at maipatupad ang bagong mukha ng pagtuturo at pagkatutong nag-ugat sa isang tema at binigyang-kulay at pinagtibay ng aplikasyon ng teknolohiya.

*Hindi Nagmamaliw na Pag-unawa sa Esensiyal na Tanong sa UBD*

Ang **Understanding by Design (UbD)** nina Grant Wiggins at Jay McTighe ay isang balangkas sa pagdidisenyo ng kurikulum at pagtuturo na nakatuon sa malalim na pag-unawa


© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

ng mga mag-aaral. Sa halip na magsimula sa mga aktibidad o nilalaman ng aralin, inuuna ng UbD ang pagtatakda ng mga inaasahang layunin sa pagkatuto, pagkatapos ay ang mga batayan ng pagtataya o assessment, at sa huli ay ang pagbuo ng mga angkop na karanasan sa pagkatuto. Kilala ito bilang "**backward design**" dahil nagsisimula ito sa kung ano ang nais nating malaman at maunawaan ng mga mag-aaral sa dulo ng pagkatuto.

May tatlong pangunahing yugto ang UbD. Una, ang pagtukoy sa nais na resulta. Sa bahaging ito, binibigyang-diin ang mga *enduring understandings*, *essential questions*, at mga pamantayan o competencies na inaasahang matamo ng mga mag-aaral. Ikalawa, ang pagtukoy sa katibayan ng pagkatuto, kung saan inilalaan ang mga paraan upang masukat kung naabot nga ng mga mag-aaral ang mga layunin—gamit ang iba't ibang uri ng pagtataya tulad ng performance tasks, authentic assessments, at formative assessments. Ikatlo, ang pagpaplano ng mga karanasan sa pagkatuto at pagtuturo, kung saan isinaayos ang mga aktibidad sa klase na kaugnay ng mga layunin at pagtataya. Sa ganitong paraan, nagiging mas organisado, malinaw, at makabuluhan ang buong proseso ng pagtuturo.

Malaki ang naitutulong ng UbD sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Una, ginagabayan nito ang mga guro na magturo nang may malinaw na layunin. Hindi basta nagtuturo ng aralin, kundi tiniyak na ang lahat ng aktibidad ay nakatuon sa pag-abot ng malalim na pag-unawa. Pangalawa, binibigyang-diin nito ang aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral at ang kanilang kakayahang mailapat ang natutunan sa tunay na buhay. Sa halip na pa-memorize lamang ang mga datos, mas binibigyang-halaga ang tanong na "bakit mahalaga ito?" at "paano ito makatutulong sa akin bilang isang mamamayan?" Sa kabuoan, ang Understanding by Design ay isang makabuluhang balangkas sa pagtuturo na ginagawang sistematiko at layunin-malay ang proseso ng pagkatuto.

*Unawa Batay sa Diskarte Bilang Paraan sa Tematikong Pagtuturo at Interaktibong Pagkatuto*

Sa pagtuturo at pagkatututo, esensiyal ang gampanin ng pag-unawa na natatamo sa myutwal na ugnayan ng guro at mag-aaral. Upang masuri at maiwasto ang pag-unawa, mahalagang isa-alang-alang ang hindi nagmamaliw na pang-unawa o *enduring understanding* (Wiggins at McTighe, 1998, 2005) na sukatan nang pangmatagalang pagkatuto ng mga mag-aaral sa paksa at konseptong pinag-aaaralan. Ang mga hindi nagmamaliw o panghabambuhay na kaalaman ay nailalapat ng mga mag-aaral sa pang-araw-araw na pamumuhay. Ngunit, upang maisakatuparan ang layuning umunawa ng mga mag-aaral, mahalagang taglayin ng guro ang paglalaan ng oras at panahon na mapag-isipan ang mga hinihinging pagbabago laban sa nakasanayang makalumang paraan at mapag-aralang mabuti ang planong gagawin sa pagtuturo. Upang malinang ang kakayahang umunawa ng mga mag-aaral sa konteksto ng paksang nais na linangin, ang pinakamahalagang daan upang ito ay maisakatuparan ay mismong pagkaunawa sa katangian, kaugalian, at kakayahan ng mga mag-aaral.



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

Mula sa disenyo at modelong UbD, nabuo ang Unawa Batay sa Diskarte. Binigyang-diin nito ang atake at diskarte sa pag-unawa sa ugnayan ng layunin, paksa, at gawain bilang gampanin ng maayos na planong pangkurikulum o yunit ng pagkatuto sapagkat nagnanais itong linangin ang kakayahang umunawa bilang pinakamahalagang batayan o bunga ng pagtuturo at pagkatuto. Mula sa panukat sa pag-unawa, magiging matibay itong instrumento kung paano magpakahulugan ang mga mag-aaral batay sa kaalaman at kaniyang dapat palakasin sa isang tiyak na panahon ng pagtuturo at pagkatuto. Sa estratehiyang ito pinagtitibay ang kakayahang umunawa ng mga mag-aaral sa konteksto ng paksang nais na linangin. Isang magandang katangian ng gurong-mag-aaral na unawain ang mga mag-aaral at ang paraan kung paano sila natututo. Sa estratehiyang ito, lilinangin kung paano matuto ang mga mag-aaral sa tiyak na paksa batay sa sariling pag-unawa. Ang pagkatutong ipinamalas ng bawat mag-aaral ay makikita sa tiyak na pagtatanghal ng anomang paraan ng pag-uulat o presentasyon batay sa mapagpipiliang inspirasyong inobasyon hatid ng iba't ibang makabagong teknolohiya. Sa tulong ng estratehiya, napatataas nito ang antas ng kahusayan na ang pinagmulan ay sariling interes, kagustuhan, o kakayahan. Pag-unawa at pagpapaunawa ang pangunahing mithiin ng estratehiya. Kasamang pagtitibayin nito ang paglinang ng sumusunod na kasanayan: pagkilala sa mga katangian ng matatanggap na inobasyong panteknolohiya bilang pagmumulan ng temang gagamitin sa pag-uulat o presentasyon na akmang-akma sa pagtuturo sa *synchronous* na paraan, pagbuo ng masusing plano upang magawa ang sistematikong pag-uulat o presentasyon, paglalapat ng iba't ibang prinsipyo at simulain sa isang masining at epektibong pagpapahayag, paglikha ng iba't ibang inobatibong kagamitan na makatutulong sa pagtatanghal ng paksa, pangangalap ng opinyon at kasagutan sa pamamagitan ng paglalapat ng interaksyon o ugnayan sa mga kamag-aral. Taglay ang estratehiya ang paraang ilahad ang layunin ng gawain. Kinakailangang mabatid ng mga mag-aaral na maging tematiko ang isasagawang pagpapaunawa ng matatapat na paksang aralin. Pagkasunduan kung isahan, dalawahan, o maliit na pangkatan ang magiging paraan ng pagbabahagi ng kaalaman ng mga mag-aaral. Kasabay ng pagbibigay-paksa, ang pag-unawa rito sa pamamagitan ng tinukoy na diskarte o atake upang ito ay maipaunawa sa iba. Kung kaya, sa estratehiyang UBD na pinagsanib ang nagtatagpong disenyo at modelong pangkurikulum, titiyaking sa pagpapaunawa batay sa napili o natanggap na terminolohiyang teknikal, mailalantad ang pangunahing layuning maituro ang kahulugan, katangian, kaugnayan, kahalagahan o iba't ibang batayang kaalaman sa pangunahing paksa. Marapat maunawaan ng mga mag-aaral na lunsarang paraan lamang ang tematikong pagbabahagi upang maging katangi-tangi at inobatibo ang pagbabahagi ng kaalaman. Sa panig ng guro bilang tulay sa pagpapaunawa sa diskarte o atake, hikayating lapatan ang pagtatanghal o pagbabahagi ng iba't ibang kagamitang makatutulong sa lubusang pagpapaunawa ng paksa. Dahil ang UBD ay naimodelong estratehiya, kailangang hikayating ang kagamitan ay tematiko pa ring pagtugon sa pagbabahagi ng kaalaman o impormasyon. Sa tulong ng UBD bilang diskarte o atake sa pag-unawa sa malawak na usaping pedagohikal, malinaw na pagtatagpuin ang tematikong pagtuturo at interaktibong pagkatuto.



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

*Tematikong Pagtuturo Patungong Interaktibo at Panghabambuhay na Pagkatuto: Implikasyon ng Pag-unawa sa Pagitan ng Guro at Mag-aaral*

Sa mga gawaing pampagtuturo at pagkatuto magmumula ang kakayahang umunawa. Ang mga gawain sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay nakaugnay sa paglalapat na magiging pangunahing daan sa pagtataya ng pag-unawa ng mag-aaral. Nagiging mahalaga itong pantulong sa pagpapalakas ng pag-unawa na gumagabay sa pagbuo ng pagpapakahulugan ng mga mag-aaral na salamin ng kanilang natutuhan.

*Tematikong Pagtuturo, Diskarte ng Guro*

Nakabatay ang pagtuturong estratehiyang UbD sa Disenyong may Tema (*Thematic Design*), ang disenyong ito ay nagmumungkahi ng pantemang lapit sa pagsasama-sama. Ang ilang mga modelo ay nagbibigay-diin sa mga aktibidad ng tao bilang mga tema ng pag-aaral habang ang iba ay gumagamit ng iba't ibang mga paksa na kawili-wili sa mga mag-aaral. Ang mga tema ay maaaring maging mga konsepto, gabay na tanong, aktibidad, o pamantayan at kasanayan ngunit ang mga layunin at tunguhin ay dapat na nakatuon sa pagbibigay ng holistikong edukasyon at may kaugnayan sa buhay ng mga mag-aaral. Mahalaga para sa isang guro na makapag-isip ng angkop na diskarte upang maunawaan at maipaunawa ang paksa. Upang ito'y maisakatuparan, mahalaga ang tematikong pagtuturo. Ang tema ang magsisilbing lasa, kulay, disenyo, at tuon o direksyon ng buong bahagi o yugto ng pagtuturo (Villanueva, 2018). Sa paraang ito, ang pakikilahok ay siguradong natatamo. Konsiderasyon ng guro sa bawat tema ang mga gawaing batay sa interes o uso gawa ng iba't ibang *social networking sites* na kinaaaniban ng mag-aaral. Kasama ring batayan ang panahon tulad ng pandemya na kasalukuyang nararanasan ng bawat isa. Epektibo ring tema ang ibat ibang programa at palabas na laging inaabangan ng mga mag-aaral. Sa mga tiyak na gawain, mahalagang maging diskarte ng guro ang himig at tindig mula sa pangganyak, pagsasanay, at pagsusulit.

Sa kasalukuyan, ang plano at ipinatutupad na paraang tematiko ay maituturing na mainam na sandigan upang ang pagkatutong interaktibo ay tiyak na maisasaisip at maisasapuso. Isang pag-aani kung mismong ang mag-aaral ang magpapamalas ng diskarte na ang produkto o bunga ng gawain ay tematikong paraan pa rin.

*Interaktibong Pagkatuto, Tugon ng Mag-aaral*

Kasabay ng tematikong pagtuturo ang interaktibong tugon ng mga mag-aaral. Tumutukoy sa aktibong pakikilahok ang partisipasyong natatamo bilang batayan ng pag-unawa at pagkatuto ng mga mag-aaral sa isang tiyak na aralin. Bukod sa aktuwal na pagsagot at pakikilahok, ang produkto o pagganap ng mag-aaral na pagpapamalas din ng tematikong presentasyon o pagbabahagi sa itinakdang paksa ay paglalarawan ng interes at kagustuhang pagyamanin ang tiyak na batayang kaalaman. Ang panahon bago ipakita ang tiyak na diskarte o atake ng mga mag-aaral sa paksang tatalakayin sa anyong presentasyon ay dumaan tiyak sa maraming yugto ng interaksiyon sa pagitan ng mga kasapi at iba pa. Sa



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

yugtong ito, nabubuo ang interaksiyon na pagpapamalas ng pagtatamo ng kahusayan sa komunikasyon patungo sa pagtawid sa marami pang kasanayan.

Mula, rito nagkaroon ng mas matingkad na kulay na ikinonteksto ang mga kaisipang ibinigay ng mga banyagang dalubhasa sa paglalahad ng bagong katawagan sa anyong UBD: Unawa batay sa Diskarte upang bigyang-katuparan ang tugon sa masaya, mabunga, at mahalagang pagkatuto sa *synchronous* sa pamamagitan ng paglalapat ng tematikong pagtuturo at interaktibong pagkatuto.

**Metodolohiya**

Mula sa metodong deskriptibong-debelopmental, magiging paraan ito upang maging tuon at tugon ng pananaliksik ang sumusunod na layunin:

1. Matukoy ang mga batayan ng tematikong pagtuturo at interaktibong pagkatuto.
2. Makalikha ng mga tiyak na estratehiya mula sa tematikong pagtuturo at interaktibong pagkatuto sa klaseng *synchronous*
3. Mataya ang bisa at halaga ng tematikong pagtuturo sa pagpapaigting sa pagdidisenyo ng mga makabago, inobatibo, at patok na estratehiya.

Ang mga layunin ang gabay sa binuong talatunungan para sa munting sarbey maging sa pinatnubayang tanong upang pagtibayin at palalimin ang kasagutan mula sa pakikipanayam sa mga piling kalahok

*Disenyo, Hakbang, at Paraan sa PPT (Pag-unawa sa Pagtuturong Tematiko)*

Deskriptibong-debelopmental ang disenyo ng pag-aaral upang mailarawan ang naging tugon na tematikong pagtuturo sa hamon ng pagtuturong *online.* Gamit ang Unawa batay sa Diskarte sa anyo ng Pag-unawa sa Pagtuturong Tematiko, nilinang ang ugnayan ng layunin, paksa, at gawaing pampagkatuto na sentral na kahigian sa epektibong pagtuturo nang matiyak na matamo ang mga kompetensi at kasanayan ng bawat mag-aaral. Sa pamamagitan ng pinagtibay na talatanungan para sa sarbey at FGD, naging komprehensibo at intensibo ang pagsagot sa mga nakaranas ng tematikong pagtuturo. Ang naging kasagutan sa bukas na tanong para sa pagpapalawak ng opinyon ang naging hudyat para sa malalim at pangkatang pinatnubayang panayam. Tiniyak na hindi makakaapekto ang naging kasagutan ng mga mag-aaral sa anomang kurso sa kanilang pag-aaral. Tiniyak na mananatiling pribado ang naging tugon ng lahat ng kalahok mula sa bahaging pagtukoy sa problema kaugnay ng pag-aaral hanggang sa paglikha ng kani-kaniyang mungkahing tematiko-diskarteng pagtuturo.

Samakatuwid, ilalarawan ang penomena ng pagtuturo sa *online* o *synchronous* na modalidad mula sa talatanungang dumaan sa balidasyon. Ang mga naging tugon sa tanong mula sa sarbey at panayam ang batayan sa pagdidisenyo ng iba't ibang gawaing pampagkatuto na ang prinsipyo ay interaktibo at panghabambuhay na angkla sa isang malinaw at tiyak na tema.



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

*Kalahok sa Pag-aaral*

100 kalahok na mga medyor mula sa iba't ibang kampus ng PNU ang naging pangunahing kalahok sa pag-aaral. Ang mga kalahok ay nagmula sa apat na kampus na may programang Batsilyer ng Edukasyong Pangwika sa Filipino. Ang mga kampus ng PNU na kasama sa pag-aaral ay ang Hilagang Luzon, Visayas, at Mindanao, at Maynila. Ang apat na kampus ay nagkaroon ng panukalang programa na tinawag na "Sanib-Puwersa" na naging daan para buklurin ang mga medyor sa iba't ibang klase o kurso sa tulong ng paggamit ng teknolohiya partikular ang zoom at google meet. Ang oline na klase ang naging daan upang matipon ang isang daang kalahok na pantay-pantay na binuo ang inasahang bilang. Mula sa tig-25 kalahok para sa talatanungan, pinili ang tig-limang kalahok na naging kasama sa malalimang panayam. Mula sa pagsagot sa panayam at pangkalahatang kasagutan sa talatanungan, nabuo ang pamantayan at hakbang sa isang tematikong pagtuturo na pinayaman ng iba't ibang gawain sa pagbuo ng *powerpoint* at *canva* na presentasyon.

*Instrumento ng Pananaliksik*

Naging sandigan ang sarbey na talatanungan at nabuong mga pamatnubay na tanong sa isinagawang panayam.

Nabuo ang mga tanong para sa sarbey at panayam mula sa masusing paghihimay-himay ng suliranin at layunin ng pag-aaral. Nagkaroon ng panimulang pagtatala sa mga posibleng tanong na tinutugunan ng posibleng mapagpiliang iskala ng sagot gaya ng lubhang pag-sang-ayon at di-pag-sang-ayon at sang-ayon at di-sang-ayon.

Mula sa listahan ng mga tanong, pinili ang angkop na tanong batay sa layunin na naging pangkat o kategorya ng mga tanong upang sagutin at ilarawan ang batayan, iba't ibang tiyak na estratehiya, at tayain ang bisa at halaga ng tematikong pagtuturo sa pamamaraang *online* o *synchronous* na mga klase.

Upang pagtibayin at bigyang-elaborasyon ang mga nakalap na kasagutan sa mga kinategoryang tanong sa sarbey, bumuo ng limang tanong na lalong magpapalalim sa kasagutan ng mga naging kalahok sa paraang panayam.

*Pagsusuri ng Datos*

Mayaman ang naging datos mula sa tugon ng 100 kalahok sa sarbey na pinagtibay at pinalawak ng mga piling kalahok mula sa harapan at online na panayam. Harapan para sa mga mag-aaral mula sa Maynila at online mula sa aktuwal na klase at dagdag na panayam sa mga taga-PNU Hilagang Luzon, Visayas, at Mindanao.

Sinuri ang mga datos batay sa resultang numerikal kung lubhang sumasang-ayon (4), sumasang-ayon (3), di-sang-ayon (2), at di-lubos na sang-ayon (1) batay sa tatlong pangunahing kategorya ng tanong na angkop sa tiyak na layunin ng pag-aaral. Ang pagsusuri



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

ng datos ay nakaugat sa batayan sa paglikha, aktuwal na nabuong estratehiya, at ang pagtataya sa bisa at halaga nito.

Pinagyaman ang mga pangunahing datos mula sa danas ng kalahok na pinakulay ng kanilang elaboratibong paliwanag kung bakit interaktibo, panghabambuhay, at tunay na epektibo ang tematikong pagtuturo mula sa ugnayang paksa, teknolohiya, at estratehiya.

*Konsiderasyong Etikal*

Tiniyak ng pananaliksik ang pagiging pribado ng mga kalahok. Bago maging lehitimong kalahok, naging bahagi ng katanungan ang malinaw na tanong ng pag-sang-ayon o pakikiisa sa nasabing pag-aaral. Matapos ang paglagda, naging hudyat ito para matukoy ang kaligiran at kahandaan ng bawat kalahok. Dahil ang ilan sa panayam ay resulta ng interesanteng tugon ng mga medyor mula sa iba't ibang kampus ng PNU sa pormularyo o talatanungan, naging daan ito sa pagiging kalahok sa panayam at tiniyak pa ring pangangalagaan ang ibibigay na impormasyon na tuwirang makatutulong sa pag-aaral

**Resulta at Interpretasyon sa Datos**

Sa pananaliksik na ito, maituturing na matagumpay na nakatawid ang UBD bilang disenyo patungong modelo sa anyo ng PPT: Pag-unawa sa Pagtuturong Tematiko. Ayon sa mga datos na nakalap, mula sa sarbey at mga panayam, lumutang sa mga ito ang naging kabisaan ng tematikong pagtuturo't interaktibong pagkatuto sa panahon ng *synchronous* na klase.

**Ugnayang Tematikong Pagtuturo at Interaktibo at Panghabambuhay na Pagkatuto**

**Batayan ng Tematikong Pagtuturo at Interaktibong Pagkatuto**

Lumabas sa surbey at pinagtibay ng panayam na mahalagang kilalanin ng guro ang mga mag-aaral tulad ng kanilang interes, kaligiran, at kasanayan — bilang batayan sa pagdidisenyo ng anumang aralin. Ayon sa teoryang konstruktibismo, ang bagong kaalaman ay mas epektibong nakikabuo kapag iniuugnay ito sa umiiral na karanasan at kaalaman ng mag-aaral (Upu & Bustang, 2021). Sa ganitong pananaw, ang pagtuturong nakasentro sa mag-aaral ay nagbibigay-daan sa aktibong paggalugad, pagpili at pagpapanday ng sariling pagkatuto ng mag-aaral, kaya't kinakailangan ang *pre-assessment* tulad ng surbey at panayam upang matukoy ang kanilang pangangailangan. Samantala, ang tematikong pagtuturo ay nagpapahintulot sa integrasyon ng mga asignatura at paggawa ng aralin sa ilalim ng makabuluhang tema na malapit sa karanasan ng mag-aaral, kaya't nagiging mas makabuluhan at may kabuluhan ang proseso ng pag-katuto. Ayon sa naging panayam:

Kinapanayam A:

> **"Dama namin na para sa amin ang tema na makikita sa *power point presentation*. Panahon, hilig, at konteksto namin ang nilalaman kaya madaling masundan dahil nakakaganyak ang mga larawan, gawain, at iba pang bahagi nito."**



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

Kinapanayam B:

> **"Hindi maihihiwalay ang teknolohiya. Dahil sa kapangyarihan ng powerpoint, mas nagiging makapangyarihan ang guro. Isang IMBA o inobatibo, mapanuri, bago, at aktibong guro."**

Kinapanayam C:

> **"Pop at patok dapat ang guro. Marapat na s'ya ay sunod sa uso. Kung ganoon ang direksyon, ganoon din ang aming gagawin bilang guro ng bukas. Panghabambuhay na alaala ng tematikong pagtuturo ang paglalapat nito sa presentasyon, pag-uulat, at higit sa aktuwal na pagtuturo."**

Kinapanayam D:

> **"Kailangang ang sinasabi ay ginagawa sa klase. Kitang-kita ito sa tematikong pagtuturo. Nagiging praktikang bunga nito ang pakikilahok dahil sa interaktibong gawain na tinahi ng iisang tema. Kay husay!"**

Kinapanayam E:

> **"Magkaugnay ang pagtuturo at pagkatuto. Bonus sa tematikong pagtuturo ang pabaon nitong hatid para sa nalalapit na pagiging guro at tagapanayam sa mga pagsasanay at palihan."**

Sa kabuoan, ang masusing pagkilala sa mga mag-aaral bilang magiging guro ng bukas ay hindi lamang paunang hakbang sa pagdisenyo ng kurikulum sa anyo ng mga estratehiya at pagsasanay sa tematikong pagtuturo kundi isang mahalagang salik upang maisakatuparan ang epektibong pagtuturong nakasentro sa mag-aaral tungo sa panghabambuhay na pagkatuto.

**Batayang Halimbawa ng Tematikong Pagtuturo at Interaktibong Pagkatuto sa Klaseng *Synchronous***

Sa pag-usbong ng online at *hybrid* na pagkatuto, nagiging higit na mahalaga ang paggamit ng tematikong pagtuturo at interaktibong estratehiya upang matiyak ang aktibong partisipasyon. Upang maging makabuluhan ang klase, kinakailangang magsimula ang guro sa pagkilala sa interes, kaligiran, at kasanayan ng mga mag-aaral bilang batayan ng disenyo ng aralin. Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang aktibong paglahok sa pagkatuto ay mas nagbubunga ng mataas na antas ng pag-unawa kumpara sa tradisyunal na leksyon (Dietrich & Evans, 2022). Sa ganitong paraan, nagiging epektibo ang tematikong pagtuturo bilang gabay sa mas dinamiko at makabuluhang interaksiyon sa klaseng synchronous. Narito ang mga ilang halimbawa na pinagmulan ng salaysay ng danas ng mga kinapanayam na mag-aaral:



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

**Lukad: An Online Journal of Pedagogy**
*Volume 4 Issue 2 (December 2025) 106 - 127*

**Larawan 1: Tema Batay sa mga Programa**


| | |
|---|---|
| <br> | Batayang tema ang iba ‘t ibang programa mula sa palabas sa telebisyon. Nagiging hanguan ang iba’t ibang programa bilang patok na tema sapagkat madaling maunawaan ng mga kalahok na mag-aaral ang posibleng gawain at pagsasanay. Malinaw na nagiging pamukaw interes ang programa bilang tema sa mga posibilidad na maaaring abangang paksa, pag-uugnay ng paksa sa pagsasanay, paraan ng pahayag, at iba pang tuwirang pagpapalutang ng programa bilang tema at batayan ng pagkatuto. |

**Larawan 2: Larawan Batay sa Tiyak na Panahon**

| | |
|---|---|
|  | Hilig ng Pinoy ang mga paligsahan. Bawat taon inaabangan ng marami ang ganitong pagkakataon upang manood at makibalita. Isa ang paligsahan ng kagandahan gaya ng Miss World, Universe, International na hanguan sa pagbuo ng sagisag na lokalisadong mga korona upang itanghal ang bawat kaakuhan o identidad ng bayan ng mga mag-aaral na nag-iiwan ng sagisag at mensaheng hindi lamang reyna ang may korona kung hindi ang bawat makapangyarihang guro sa paaralan at lipunan. |



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

**Larawan 3: Larawan Batay sa Patok o Uso sa Tiyak na Panahon**




Kadikit ng bawat panahon ang uso at patok na bagay, tao, pangyayari, lugar, at iba pa. Ang pagiging popular ng mga nabanggit sa isang tiyak na panahon ang tiyak na puwedeng maging tema ng aralin at kadikt ang angkop na mga gawain o pagsasanay. Sa paggamit ng konteksto ng panahon, malinaw at madaling maging interaktibo ang klase. Mabilis na maunawaan ng mga mag-aaral ang tuon at direksiyon ng aralin sapagkat nasasabayan ng bawat isa ang mga elemento at kaugnay na konsepto ng tiyak na uso na patok sa sitwasyon ng bawat isa. Ilan lamang ang *Spotify* at *Facebook* ang halimbawa ng mga nauuso sa mga digital na mag-aaral. Naging magandang oportunidad din ang mga usong ito na higitan ang gamit nito sa aspektong panlibangan. Nalampasan nito ang mithiin ng tematikong pagtuturo na maging kasangkapan ang inspirasyong tema para sa mabungang pagkatuto.

**Larawan 4: Larawan Batay sa Konsepto at Konteksto**




Katumbas ng konsepto ang akmang mga salita sa pagbuo ng kahulugan. Subalit sa pagtuturo at kadikit nitong prinsipyo, mas mahalaga ang kabuluhan o kahalagahan na nagmula sa kaalaman sa batayang konsepto o kahulugan. Ang "Paghahanap" bilang konsepto ay mas may malawak na konteksto sa loob ng silid-aralan. Hinahanap nito ang mga mag-aaral na magiging guro upang maging gabay, pinuno, modelo, ehemplo, mabuting halimbawa, huwaran, at iba pang katangi-tanging tungkulin na pinalulutang ng isang tiyak na tema.



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

**Larawan 5: Larawan Batay sa Ideolohiya at Perspektiba**




Ang ideolohiya ang lalim, lawak, at tayog ng isang aralin. Sa tulong ng tematikong pagtuturo, nagiging malinaw ang diskurso ng isang aralin na umiikot sa mga realidad at kontekstong abot-kamay ng mga mag-aral. Sa likod ng ideolohiya ang mas litaw na pagpapalutang ng tunggalian, talinghaga, at ugnayang paksa, gawain, at lipunan. Sa tulong ng tematikong pagtuturo, napapalapit ang puso ng bawat mag-aaral sa gampanin at tungkulin para sa bayan.

**Larawan 6: Tema bilang Pagtuturong IMBA**







Sa pagpaplano ng tematikong pagtuturo tungo sa interaktibo at panghabambuhay na pagkatuto ay maituturing na pagtuturo at pagkatutong IMBA (Inobatibo, Mapanuri, Bago, Aktibo). Ang tematikong pagtuturo at inobatibo dahil labas ito sa nakasanayan. Nagbibigay ito ng oportunidad na maging katangi-tangi at malikhain bilang mataas na antas ng pagtuturo at pagkatuto. Ito ay mapanuri dahil sa pagbuo ng aralin na nakabatay sa tema, sinusuri at binibigyang - espasyo ang pagbuo ng mapagnilay na mga tanong para sa di magnanaliw na pang-unawa. Ito ay bagong dulog at estratehiya na nagpapamalas ng aktibong pagtuturo tungo sa inaasahang aktibong pagkatuto na naglalarawan sa interaktibong pakikilahok ng bawat isa. Higit sa lahat, magagamit ng bawat guro ng bukas na maging babalikang batayan para sa isang ekstra-ordinaryong paraan ng pagtuturo alinsunod sa hamon at oportunidad ng ika-21 siglong edukasyon.


© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

Mula sa mga halimbawang patunay, malinaw na ang pagbuo ng pagtuturong ang prinsipyo ay nakatuon sa bunga ng pagkatuto na dapat interaktibo at panghabambuhay, higit sa integrasyon ng teknolohiya ang malinaw na konsiderasyon ng gurong tagapagdaloy at ng mga medyor na magiging guro sa hinaharap. Lakas na maituturing ang kakayahang gamitin ang *powerpoint* at *canva* subalit, lumalabas sa obserbasyon at danas sa inobatibong pagtuturong tematiko ang mahalagang pananaw. Una, kamalayan sa kung ano ang uso at patok. Dahil konsiderasyon ang interes at kaligiran ng mag-aaral, marapat na napapanahon at tumutugon sa pangangailangan ng mga *netizen* o mag-aaral na mahusay sa *social media* at teknolohiya. Ikalawa, kahusayan na pag-unayin at habihin ang paksa at gawain sa anyo ng tema. Hindi nagtatapos ang tema sa paksa, sa buong oras o yugto ng pagtuturo, marapat na umiikot sa lahat ng gawain gaya ng pagganyak, talakayan, pagpapalalim, pagtataya, at iba pang bahagi ng pagtuturong buo at solido para sa masaya at mabungang pagkatuto. Ikatlo, maraming potensiyal na tema. Hindi laging programa o palabas sa telebisyon ang posibleng maging tema. Lahat ay puwedeng maging batayan ng tema mula sa anomang maaaring makuha sa paligid na pupukaw sa interes at magpapalalim ng kakayahang mag-isip at kumilos dahil malinaw na magkasanib ang isip-puso-kamay sa pagtuturong kognitibo, apektibo, at saykomotor. Ikaapat, pagtibayin ang pagpapaunlad ng binuong tematikong pagtuturo mula sa pidbak at iba't ibang anyo ng pagtataya ng mag-aaral at kaguro. Matapos maipatupad ang bawat tematikong pagtuturo, kunin ang reyalisasyon, opinyon, at saloobin ng bawat saksi sa dama at danas upang ang bawat mungkahi ay pagpapayaman sa mga susunod pang isasagawang pagtuturo. Ikalima at bilang huli, mapusong pagtuturo bilang inobatibo, mapanuri, bago, at aktibong guro. Ang pagtuturong tematiko ay hindi lamang sa tema nakasentro. Ang pagtuturong ito ay lampas sa nakasanayan at ordinaryong pamamaraan. Pinagsanib nito ang malikhain, paglinang na kritikal na pag-iisip mula sa diskarte at atakeng gagamitin, makabago, at matugunin sa hamon ng nagbabagong panahon at ika-21 siglong edukasyon.

Mula sa sa numerikal na resulta, lumalabas ang mataas na bilang na katumbas ng kawilihan at batay sa interes, akma at tumutugon sa kaligiran ng mag-aaral at panahon, at higit sa lahat, paglalapat at pagsasapraktika ng integrasyon ng teknolohiya. Tinaya ang bisa at halaga nito batay sa *alignment* ng layunin, paksa, at gawain. Ibig sabihin, ang tema ang lunsaran sa paglinang ng inaasahang kasanayan. Kabilang sa pagtataya ang hindi pagtatapos sa tema bagkus ang kakayahan ng mismong tema na palalimin at palawakin ang nilalaman upang lubos na matumbok ang mataas na antas na kakayahang mag-isip ng bawat mag-aaral. Isa pa ring konsiderasyon sa episyente at epektibong tematikong pagtuturo ang malikhain at masining na disenyo na sinamahan ng iba pang elementong biswal at multimodal. Higit sa lahat, malinaw na ang tematikong pagtuturo ay daluyan ng impormatibo, instruksiyonal, at inobatibong pagtuturo ng isang katangi-tanging guro na handang maghain ng bagong kaalaman at kasanayan na maaaring makuha at matutuhan ng ibang mga guro at magiging guro sa hinaharap.



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

## Kongklusyon

Ang tematikong pagtuturo ay maituturing na mahalagang inobasyon sa pagdidisenyo ng aralin. Ipinapakita nito kung paano nagiging makabuluhan ang pagkatuto kapag nakaugnay ang layunin, paksa, at gawaing pampagkatuto sa isang malinaw at makahulugang tema. Ang ganitong diskarte ay umaayon sa pangangailangan ng ika-21 siglong edukasyon, kung saan pinagtitibay ang komunikasyon, kolaborasyon, kritikal na pag-iisip, kasiningan, at pagkamalikhain.

Batay sa mga sarbey at panayam, napatunayan ng mga guro at gurong nagsasanay na ang tematikong pagtuturo ay epektibong naisasapraktika ang mga konsepto at teoryang pedagogikal na natutuhan nila. Sa pamamagitan nito, nagiging mas interaktibo, masaya, at mabunga ang pagkatuto, lalo na sa mga synchronous na klase kung saan malinaw na nasusukat ang aktibong partisipasyon ng mag-aaral.

## Rekomendasyon

Lumabas din na ang tematikong pagtuturo ang nagiging tuntungan sa pagbuo ng mga tiyak at angkop na estratehiya, gamit ang mga temang hango sa okasyon, programa, napapanahong isyung panlipunan, at iba pang konteksto. Nagbibigay ito ng direksiyon sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga aralin, at humuhubog ng mga masining at makabagong gawaing pampagkatuto na nagbibigay ng mahalaga at makahulugang karanasan sa guro at mag-aaral.

Sa kabuoan, malinaw na naipapakita ng tematikong pagtuturo ang ugnayan ng layunin, paksa, at gawaing pagkatuto, at naipapatupad ang mga prinsipyong kailangan sa OBE at ika-21 siglong kasanayan. Holistiko nitong pinagsasanib ang makro at maykrong kasanayan, kaya't epektibo itong nakapagpapaunlad ng komunikasyon, kolaborasyon, kritikal na pag-iisip, at kasiningan—mga katangian ng isang ganap na guro para sa bata, bayan, at bukas.

## Sanggunian

Avilla, R. (2018). Tematikong pagtuturo sa araling panlipunan: Ebalwasyon sa implementasyon sa elementarya. *Philippine Journal of Basic Education, 14*(2), 45–56.

Badayos, P. B. (2008). *Metodolohiya sa pagtuturo at pagkatuto ng/sa Filipino: Mga teorya, simulain, at estratehiya*. Mutya Publishing House.

Beane, J. A. (1997). *Curriculum integration: Designing the core of democratic education*. Teachers College Press.

Bonifacio, A. L. (2020). Developing instructional materials for flexible learning. *Philippine Normal University Research Journal*.



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

Briones, A. R., Mendoza, C. L., & Cruz, J. F. (2017). Thematic instruction with interactive approach in teaching social studies: An action research. *Philippine Journal of Basic Education, 2*(1), 45–56.

Bruillard, E. (2020). Rethinking pedagogy in education for the post-COVID-19 world. Cambridge. https://www.cambridge.org/partnership/research/rethinking-pedagogy-post-covid-19-world

Commission on Higher Education. (2020). *Guidelines on the implementation of flexible learning* (CHED Memorandum Order No. 4, s. 2020).

Corpuz, B. B., & Salandanan, G. G. (2015). *Principles of teaching 1*. Lorimar Publishing.

De Laza, C. S. (2016). *Pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang teksto tungo sa pananaliksik*. Rex Publishing.

Department of Education. (2011). *K to 12 curriculum guide: MTB-MLE*. DepEd Philippines.

Drake, S. M. (2010). *Planning integrated curriculum: The call to adventure*. Corwin Press.

Drake, S. M., & Reid, J. L. (2010). *Integrated curriculum: Increasing relevance while maintaining accountability*. Ontario Ministry of Education.

Finol, M. O. (2020). Asynchronous vs. synchronous learning: A quick overview. Bryn Mawr College. https://www.brynmawr.edu/news/asynchronous-vs-synchronous-learning-quick-overview

Jacobs, H. H., & Toh-Heng, H. C. (2013). *Curriculum 21: Essential education for a changing world*. ASCD.

Jensen, E. (2005). *Teaching with the brain in mind* (2nd ed.). ASCD.

Kelly, A. V. (1999). *The curriculum: Theory and practice* (4th ed.). Paul Chapman Publishing.

Lumbera, B. (2000). *Writing the nation / Pag-aakda ng bansa*. University of the Philippines Press.

Marcinko, M. (2020). Designing curriculum in the "new normal." Ambition. https://www.ambition.org.uk/blog/designing-curriculum-in-the-new-normal/

Merrill, S. (2020). Teaching through a pandemic: A mindset for this moment. *Edutopia*. https://www.edutopia.org/article/teaching-through-pandemic-mindset-moment

Mohanasundaram, K. (2018). Curriculum design and development. *Journal of Applied and Advanced Research*.

Moore, J. L., Dickson-Deane, C., & Galyen, K. (2011). E-learning, online learning, and distance learning environments: Are they the same? *The Internet and Higher Education, 14*(2), 129–135. https://doi.org/10.1016/j.iheduc.2010.10.001

Nuncio, E. M. (2004). Ang kritikal na pedagohiya tungo sa mapagpalayang pagsulat. In *Sangandiwa: Araling Filipino bilang talastasang pangkalinangan at lapit-pananaliksik*. University of Santo Tomas Publishing House.

Nuncio, E. M. (2005). *Mga talinghaga sa laylayan: Ang mapagpalayang pedagohiya ng maikling pagsulat at antolohiya ng mga tula ng Bukalsining*. University of Santo Tomas Publishing House.

Pawilen, G. T. (2015). *Curriculum development: A guide for teachers and students*. Manila: Rex Book Store.

Prince, M. (2004). Does active learning work? A review of the research. *Journal of Engineering Education, 93*(3), 223–231.



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435

Rodrigo, R. (2017). Reflections and insights on the models of learning: Subject-centered, learner-centered, and problem-centered design models. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/318762026

Sevilla, F. T., et al. (2014). *Curriculum development*. Rex Book Store.

Solomon, B. (2019). Models and concepts of curriculum implementation. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/333338710

Tan, M., & Doronila, M. (2020). Life skills integration in Philippine classrooms: An ethnographic study. *Philippine Educational Research Journal, 15*(2), 45–67.

Tolentino, M. C. (2020). Tematikong pagtuturo at kamalayang panlipunan: Isang kaso sa mga paaralan sa CALABARZON. *Journal of Social Studies Education, 6*(1), 12–27.

Tomlinson, C. A., et al. (2002). *The parallel curriculum: A design to develop high potential and challenge high-ability learners*. Corwin Press.

Upu, H., & Bustang. (2021). Constructivism versus cognitive load theory: In search for an effective mathematics teaching. *arXiv*.

UNESCO. (2017). *Education for sustainable development goals: Learning objectives*. United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization.

Vasuthavan, E. (2017). Problem-centered curriculum (PCC) for a knowledge society. In *Proceedings of the 5th Malaysian International Conference on Academic Strategies in English Language Teaching*. ResearchGate. https://www.researchgate.net/publication/322242964

Villafuerte, P. V., et al. (2008). *Pagtuturo ng/sa Filipino: Mga teorya at praktika*. Mutya Publishing House.

Villanueva, V. M. (2018). *#ABKD: Ako bibo kase dapat (Alpabeto ng inobatibo at makabagong guro ng araling panlipunan, edukasyon sa pagpapakatao, at Filipino)*. VMV Publishing House.

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.

Wiggins, G., & McTighe, J. (2005). *Understanding by design* (Expanded 2nd ed.). Association for Supervision and Curriculum Development.



© 2025 Villanueva, V.
ISSN 2799-0435